# Magbubukas ng Pansamantalang Sentro ng Tulong sa Sakuna ng FEMA sa Chicago Heights at Little Village para sa Isang Linggo

**Release Date: Oktubre 7, 2023**

**CHICAGO** – Magbubukas ang dalawang pansamantalang FEMA Disaster Recovery Center (DRC o Sentro ng Pagbawi sa Sakuna) sa Chicago Heights at Little Village mula Martes, ika-10 ng Oktubre hanggang Sabado, ika-14 ng Oktubre para tumulong sa mga umuupa, may-ari ng bahay, at may-ari ng negosyo na naapektuhan ng matinding bagyo at pagbaha noong ika-29 ng Hunyo hanggang ika-2 ng Hulyo.

**Lokasyon ng mga pansamantalang DRC:**

**Pampublikong Aklatan ng Chicago Heights Bukas 8 n.u.- 5 n.h.**

25 Kanlurang Kalye ng ika-15

Chicago Heights, IL 60411

**Pampublikong Aklatan ng Sangay ng Toman Bukas 8:30 n.u. – 5 n.h.**

2708 Timog Kalsada ng Pulaski

Chicago, IL 60623

Ang mga espesyalista mula sa FEMA (Administrasyon ng Pangangasiwa ng Pederal na Emerhensya) at ang U.S. Small Business Administration (SBA o Administrasyon ng Maliliit na Negosyo) na nasa sentro ay makakatulong sa mga nakaligtas na naapektuhan ng bagyo at pagbaha noong ika-29 ng Hunyo hanggang ika-2 ng Hulyo, 2023 na mag-apply para sa tulong sa pederal na sakuna, mag-upload ng dokumento, matutunan ang mga paraan upang gawing mas matibay laban sa sakuna ang kanilang pag-aari, at masagot ang kanilang mga tanong sa personal.

Ang sinuman na nangangailangan ng makatwirang tulong (pagsasalin sa ASL, Braille, Malaking print atbp.) o isang tagapagsalin ng wika ay pwedeng tumawag sa 800-621-3362 para humingi ng tulong nang maaga o humingi ng tulong sa mga kawani ng pagbawi sa sentro.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa operasyon ng pagbawi sa sakuna sa Illinois, bumisita sa www.fema.gov/disaster/4728. Ang huling araw para mag-rehistro sa FEMA ay ika-16 ng Oktubre, 2023.